

**PALIGSAHAN SA PAGTALUMPATI AT PAGSULAT
NG COMPOSITION (ESSAY) NG MGA NURSING
CARE TEKNIKAL TRAINEES MULA SA IBANG
BANSA**

MGA PANUNTUNAN SA APLIKASYON AT SA PAGSALI

1. Layunin

- Kami po ay magsasagawang isang paligsahan sa pagsasalita at pagsulat ng komposisyon bilang bahagi ng suporta para sa mga Nursing Care Teknikal Trainees mula sa Ibang Bansa at upang magkaroon ng kamalayan ang maraming tao dito sa Japan tungkol sa mga gawain ng mga Nursing Care Teknikal Trainees. Naghihintay po kami ng maraming application at pagsali mula sa lahat.

2. Kwalipikasyon para sa pagsali

- Ang contestant ay dapat isang Nursing Care Teknikal Trainee mula sa Ibang Bansa na kasalukuyang naninirahan sa Japan.

3. Mga Category ng Paligsahan

- ① Pagtatalumpati (speech) sa Nihongo
- ② Pagsulat ng Essay (composition) sa Nihongo
- ③ Pagsulat ng Essay (composition) sa sariling wika (Tagalog)

4. Topic o Tema (ito ay para sa lahat ng Category sa itaas sa 3.)

- ① Ang aking natutunan sa aking gawain bilang isang Nursing Care Teknikal Trainee
- ② Mga magagandang salita mula sa aking mga na-alagaan na nkapagpasaya sa akin.
- ③ Ang lakas na nagtutulak sa akin para magawa ko ang aking best sa araw-araw.
- ④ Pangarap sa kinabuksan at Caregiving.
- ⑤ Dahilan na naghikayat sa akin upang piliin maging isang Nursing Care Teknikal Trainees sa Japan.

5. Mga Panuntunan**a) Panuntunan sa Category ng Pagtatalumpati (speech) sa Nihongo**

- ① Isumite ang talumpati sa isang video na tatagal lamang ng mga 3 minuto.
- ② Maari rin na i-record ang video gamit ang cellphone.
- ③ Bago simulan ang iyong talumpati, sabihin muna ang iyong pangalan at bansa at pagkatapos ay sabihin ang iyong tema (isa sa mga nabanggit sa 4 sa itaas). Matapos nito ay maari nang tumuloy sa iyong talumpati.
- ④ Isang speech entry lamang kada contestant. Dapat ay orihinal na talumpati at hindi pwede yung content na nagamit na sa ibang speech contest na sinalihan dati.

b) Panuntunan sa Category ng Pagsulat ng Essay (composition) sa Nihongo / Saraling Wika

- ① Mangyaring isumite ang komposisyon gamit ang A4 na sukat (400-character) na papel. Ang komposisyon ay hindi dapat lalampas sa tatlong piraso papel at hindi higit sa 1200 na salita.
- ② Maaring ang format ng pagsulat ay Horizontal (Western o Left to Right) or Vertical (Japanese style o From upper right, down towards the left).



or



- ③ Ang essay ay dapat original at sariling gawa ng contestant (maaaring sulat kamay o ti-nayp sa computer) Isumite ang orihinal na kopya (hindi tatanggapin ang photocopy).
- ④ Isulat ang topic o tema sa unang linya, ang iyong pangalan sa pangalawang linya at ang iyong komposisyon ay dapat magsimula sa pangatlong linya ng essay.
- ⑤ Isang essay entry lamang kada contestant. Dapat ay orihinal na komposisyon at hindi pwede yung komposisyon na nagamit na sa ibang contest na sinalihan dati.

**** Maaring sumali sa lahat ng Category (pagtatalumpati at pagsulat ng komposisyon). Subalit, ang pinakamahusay sa bawat Category lamang ang pipiliin.**

6. Wikang Gagamitin

- | | | |
|--|---|---------------|
| ① Pagtatalumpati (speech) sa Nihongo | : | Nihongo |
| ② Pagsulat ng Essay (composition) sa Nihongo | : | Nihongo |
| ③ Pagsulat ng Essay (composition) sa Sariling Wika | : | Sariling Wika |

****PAALAALA:**

- ① Kung sasali sa Categorya ng pagtatalumpati at pagsulat ng komposisyon sa Wikang Hapon, ang kalidad ng kakayahan sa paggamit ng wikang Hapon ay hindi ginagamit bilang pamantayan sa pag-screen ng mga entries. Subalit, kung hindi maintindihan ng nag-ii-screen ang kahulugan ng sinabi o isinulat na wikang Hapon sa iyong entry ay maaari po itong maging sanhi ng kabiguan ng inyo pong entry.
- ② Kung sasali sa Categorya ng pagtatalumpati at pagsulat ng komposisyon sa Saraling Wika, isasalin at huhusgahan ito ng aming tauhan at may mga pagkakataon na hindi ganap na tumugma ang pagsasalin sa iyong nais na kahulugan.

7. Panahon ng Pagtatanggap ng mga Entry

- Mula June 1 hanggang August 31, 2021 (dapat dumating sa bago 17:00 ng August 31).

8. Paraan ng Pagsali

- Mangyaring punan ang mga kinakailangang impormasyon sa application form, ilakip (o i-attach kung via e-mail) ang video ng talumpati o komposisyon, at isumite ito sa pamamagitan ng koreo o email sa sumusunod na address.
- Sa video ng talumpati, maari rin na i-upload sa Youtube ang video. Ipadala na lng sa amin ang URL ng Youtube video ng iyong talumpati.

****Lugar na pagdadalahan:**

〒161-0033東京都新宿区下落合1-1-1トキワパレス1F
株式会社アイメイドアルファ スピーチ・作文コンクール事務局
E-mail. info@ialpha.jp

9. Mga Mapapanalunan at Gantimpala

- ① Pagtatalumpati (speech) sa Nihongo

- Grand Prize (1 katao) : Sertipiko ng papuri at gantimpala na 150,000 yen
- Excellence Award (2 katao): Sertipiko ng papuri at gantimpala na 80,000 yen
- Skillful Award (10 tao): Sertipiko ng papuri at gantimpala na 10,000 yen

② Pagsulat ng Essay (composition) sa Nihongo

- Grand Prize (1 katao) : Sertipiko ng papuri at gantimpala na 100,000 yen
- Excellence Award (2 katao): Sertipiko ng papuri at gantimpala na 50,000 yen
- Skillful Award (10 tao): Sertipiko ng papuri at gantimpala na 10,000 yen

③ Pagsulat ng Essay (composition) sa Sariling Wika

- Grand Prize (1 katao) : Sertipiko ng papuri at gantimpala na 50,000 yen
- Excellence Award (2 katao): Sertipiko ng papuri at gantimpala na 30,000 yen
- Skillful Award (10 tao): Sertipiko ng papuri at gantimpala na 5000 yen

10. Pag-anunsyo ng mga Nagwagi sa Paligsahan

- Ang mga nanalo ay ihahayag sa unang bahagi ng Disyembre 2021 at ia-anunsyo din sa aming website.

11. Mga iba pa

- ① Ang copyright ng video ng talumpati at ng Essay (composition) na isinali sa paligsahan ay mananatili sa pag-aari ng iMAID Alpha Co., Ltd.
- ② Ang mga video ng talumpati at ang Essay (composition) na isinali sa paligsahan ay hindi ibabalik.
- ③ Ang personal na impormasyon na isinulat sa application form ay gagamitin lamang sa loob at sa saklaw na kinakailangan para sa pagpapatakbo ng paligsahang ito.
- ④ Ang mga video ng talumpati at ang Essay (composition) na isinali sa paligsahan ay maaaring magamit sa aming website, mga material na naka-print, at iba pang media.
- ⑤ Matatagpuan ang mga alituntunin ng aplikasyon para sa paligsahan sa Chinese, Vietnamese, Nepali, English, Mongolian at Tagalog sa aming website (<https://www.ialpha.jp/>).

12. Organizer • Sponsor ng Paligsahan

Organizer: 株式会社アイメイドアルファ (IMAID Alpha Co., Ltd.)

Sponsor: ワイズネット事業協同組合 (Wise Net Business Cooperative)

13. Para sa mga katanungan:

IMAID Alpha Co., Ltd. Sekretariat ng Paligsahan sa Pagtatalumpati / Komposisyon

〒161-0033 Tokyo-to Shinju-ku Shimoochiai 1-1-1 Tokiwa Paresu 1F

TEL.03-6279-2662

FAX.03-6908-9566

E-mail: info@ialpha.jp

Website: <https://www.ialpha.jp/>

**Para sa anumang katanungan, mangyaring mag-email sa e-mail address sa itaas. Mayroon po kaming mga staff na nakakaunawa sa bawat wika kaya't maari po kayo mag e-mail sa amin gamit ang inyong sariling wika.

APPLICATION FORM PARA PALIGSAHAN SA PAGTALUMPATI AT PAGSULAT NG COMPOSITION
(ESSAY) NG MGA NURSING CARE TEKNIKAL TRAINEES MULA SA IBANG BANSA

Petsa ng pag-fill up nito: Taon: _____ Buwan: _____ Araw: _____

Buong Pangalan	Furigana (Katakana)		
	Kanji (Romaji)		
Nationality		Kasarian	Lalaki • Babae
Petsa ng Kapanganakan	(Base sa Western Calendar) Taon: ____ Buwan: ____ Araw: ____		
Division	Technical Intern Trainee 1 (First Year)	Technical Intern Trainee 2 (Second Year)	Technical Intern Trainee 3 (Third Year)
Address			
Phone Number			
Email Address			

Check Field (Mangyaring lagyan ng Check (✓) ang box sa ibaba.

Sumasang-ayon ako sa "Pangangasiwa ng personal na impormasyon ukol sa pagsali sa kumpetisyon".

Impormasyon ng Teknikal Intern Trainee

Buong Pangalan	
Address	
Phone Number	
Pangalan ng Supervisor	

Impormasyon ng Supervising Organization (Iba ito sa pangalan ng Company)

Buong Pangalan	
Address	
Phone Number	
Pangalan ng Supervisor	

PANGANGASIWA NG PERSONAL INFORMATION UKOL SA PAGSALI SA KUMPETISYON

Pangangasiwaan ng IMAID Alpha Co., Ltd. ang personal na impormasyong ibinigay tulad ng sumusunod.

"1" Sa Pagkuha at Layunin ng paggamit ng personal na impormasyon

- Para mga aktibidad sa paligsahan sa pagtatalumpati at pagsulat ng komposisyon (essay) ng mga Nursing Care Technical Intern Trainee mula sa ibang bansa.

"2" Pagbabahagi ng personal na impormasyon sa isang Third party

- Ang mga personal na impormasyon na ibinigay sa Application para sa paligsahan sa pagtatalumpati at pagsulat ng komposisyon (essay) na maaring ibigay sa isang third party ay tulad ng sumusunod:

① Layunin ng Pagbabahagi

- Upang makalap ng suporta para sa mga Nursing Care Technical Intern Trainee mula sa ibang bansa at mapataas ang kamalayan ng lipunan ukol sa kanila.

② Personal na impormasyon na Ibabahagi

- Pangalan, nasyonalidad, kasarian, Kumpanyang pinagsasanayan, larawan ng mukha (para sa mga nagwagi lamang), ang talumpati o komposisyon (essay).

③ Paraan ng pagbabahagi

- Maaring i-post sa aming website, pamamahagi ng mga publications.

④ Mga Third party na pagbabahagian

- mga Nursing Care Technical Intern Trainee mula sa ibang bansa, mga bumibisita sa aming homepage, mga samahan ng mga Implementing Organization para sa pagsasanay ng mga Nursing Care Technical Intern Trainee mula sa ibang bansa, mga humihiling ng publication.

"3" Entrustment sa pagbibigay ng personal na impormasyon

- Ang personal na impormasyon na ibinigay sa pamamagitan Application para sa paligsahan ay ibabahabi sa aming outsourcer para sa layuning pag-post sa website at pag-print ng aming mga publication.

"4" Patungkol sa hindi pagbibigay ng personal na impormasyon

- Kusa pong ibibigay sa amin ng mga kasali sa paligsahan ang kanilang personal na impormasyon. Mangyaring tandaan lamang na kung hindi ito ibibigay ay maari po itong maging dahilan ng di namin pagtanggap ng inyong entry.

"5" Paghahayag ng personal na impormasyon, atbp.

- Mangyaring makipag-ugnay sa aming Sekretariat ng Paligsahan sa Pagtatalumpati / Komposisyon para sa abiso, pagsisiwalat, pagwawasto, pagdaragdag o pagtanggap, suspensyon ng paggamit, pagbura, suspensyon ng pagkakaloob sa mga third party, at konsulta tungkol sa layunin ng paggamit ng personal na impormasyon na ibinigay sa amin.